# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-3 Hulyo 2023

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

## Pinakamahinang paglago ng output sa loob ng sampung buwan

### Mga pangunahing nalaman

Kakarampot na pagtaas sa output sa gitna ng mas banayad na expansion ng mga bagong order

Panibagong pagbagsak sa employment sa pagmamanupaktura

Nawala na ang mga pressure sa presyo

Ayon sa pinakabagong data ng PMI®, nagtala ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa Pilipinas ng katamtamang pagbuti sa mga pangkalahatang kundisyon sa negosyo sa huling buwan ng pangalawang quarter. Ang pangkalahatang paglago ay sinuportahan ng tuloy-tuloy na expansion sa produksyon at mga order sa pabrika. Gayunpaman, sa parehong kaso, ang mga rate ng pagtaas ay naging banayad mula sa buwan ng Mayo, kung saan nag-ulat ang ilang panellist ng mas mahihinang kaugnay na trend ng demand. Dagdag pa rito, nagrehistro ang mga manufacturer ng panibagong pagbagsak sa employment.

Sa iba pang lugar, naging banayad ang inflation sa presyo ng input, na naging daan para sa mas mahinang uptick sa mga singil habang sinusubukan ng mga kumpanya na palaguin ang sales sa pamamagitan ng pag-pass through sa anumang natipid na gastusin.

Ang headline S&P Global Philippines Manufacturing PMI – isang composite na single-figure indicator ng performance sa pagmamanupaktura – ay nag-post ng value na mas mataas sa 50.0 na marka ng kawalan ng pagbabago para sa ikalabimpitong magkakasunod na buwan ngayong Hunyo. Kaugnay nito, ang pinakabagong index reading na 50.9, na bumaba mula sa 52.2 noong Mayo, ay nagpakita ng pinakamahinang pagbuti sa mga kundisyon sa negosyo mula noong Hulyo 2022.


Higit pang tumaas ang mga antas ng output sa buwan ng Hunyo. Gayunpaman, nawalan ng momentum ang takbo ng paglago, na nagsasaad ng maliit lang na pagtaas sa output sa pagmamanupaktura. Dagdag pa rito, ang bilis ng upturn ang pinakamahina mula nang magsimula ang kasalukuyang takbo ng expansion noong Setyembre 2022.

Bagama't banayad lang sa pangkalahatan, tumaas din sa mas banayad na bilis ang mga bagong order na natanggap ng mga producer ng produkto sa buong Pilipinas sa buwan ng Hunyo. Kaugnay nito, binigyang-diin ng mga kumpanya na dahil sa mga karagdagang demand at pagkakakuha ng mga bagong kliyente, tumaas ang expansion. Gayundin, kasabay ng pagtulong sa pagpapanatili ng paglago sa mga kabuuang bilang ng mga order sa pabrika, lumawak din ang demand mula sa ibang bansa para sa mga produkto ng mga Pilipinong manufacturer sa buwan ng Hunyo.

Nahikayat ng patuloy na expansion sa dami ng order book ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura na taasan ang aktibidad sa pagbili ng mga ito para sa ikasampung magkakasunod na buwan

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan




Mga Pinagmulan: S&P Global.

Ang data ay nakolekta noong 12-23 Hunyo 2023.

### Komento

*Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:*

*"Ang paglago sa buong factor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ay bumagal kasabay ng pagtatala ng index reading ng PMI sa buwan ng Hunyo ng pinakamabagal na pagbuti sa kalagayan ng sektor mula noong Hulyo 2020. Ang muted na headline figure ay nagpapakita ng mga mas banayad na rate ng expansion sa mga output at bagong order, habang nagtala naman ng panibagong pagbabawas sa employment sa sektor ng pagmamanupaktura.*

*"Sa kabilang banda, bumagal ang mga rate ng inflation sa presyo ng input at singil sa output at ito ang pinakabanayad na naitala sa loob ng mahigit dalawa at kalahating taon. Kasabay ng paghina ng mga pressure sa inflation at patuloy na pagbabanta ng mga kawalang kasiguraduhan sa ekonomiya sa buong mundo sa paglago, pinanatili ng central bank ang rate ng patakaran nito sa 6.25% para sa pangalawang magkasunod na pagpupulong sa patakaran sa buwan ng Hunyo.*

*"Patuloy na nananatiling positibo ang sektor sa paglago sa mga darating na 12 buwan. Gayunpaman, posibleng maapektuhan ng mga pandaigdigang pagbabago ang pananaw ng mga manufacturer sa Pilipinas."*

PMI® by S&P Global

© 2023 S&P Global

ngayong Hunyo. Dagdag pa rito, ang rate ng paglago ng pagbili ng input ang pinakamabilis na naitala sa loob ng apat na buwan.


Gayunpaman, ang mas mabagal na pagtaas sa output ay humantong sa panibagong pagbabawas sa bilang ng lakas-paggawa, kasunod ng panahon ng pagdami ng trabaho noong Mayo. Ayon sa mga na-survey na negosyo, ang panibagong pagbabawas sa employment sa sektor ng pagmamanupaktura ay dahil din sa hindi pagpapalit sa mga boluntaryong umalis na manggagawa sa trabaho pati na rin dahil sa ilang kumpanya na aktibong nagbabawas ng halaga ng kanilang pasweldo.

Sa kabila ng pagbabawas sa bilang ng lakas-paggawa, nagtala ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa buong Pilipinas ng kawalan ng pagbabago sa antas ng hindi natatapos na trabaho sa buwan ng Hunyo. Kung saan nakakapagtala ng pagtaas sa mga backlog sa trabaho, iniuugnay ito ng ilang kumpanya sa paglago sa mga bagong order at naantalang delivery ng mga input, habang isinasaad naman ng iba na dahil sa mas kaunting benta, nauubos ng mga kumpanya ang mga trabahong ginagawa nila.

Pagkatapos ng pagbuti sa performance ng vendor sa kauna-unahang pagkakataon mula noong Hulyo 2019 noong Mayo, nagpakita ang data ng buwan ng Hunyo ng panibagong paghaba sa mga oras ng delivery para sa mga input. Gayunpaman, ang antas ng pagbaba ng performance ng supplier ay maliit lang sa pangkalahatan.

Lumiit ang mga pressure sa presyo sa pinakabagong survey period, kasabay ng kapansing-pansing pagbagal ng rate ng inflation sa presyo ng input sa pinakamahinang naitala mula Oktubre 2020. Bilang resulta nito, tinaasan ng mga kumpanya ang kanilang mga average na presyo ng pagbebenta sa pinakabanayad na bilis sa loob ng mahigit dalawa at kalahating taon.

Panghuli, mayroon pa ring positibong pananaw ang mga kumpanya sa pagmamanupaktura sa buong Pilipinas kaugnay ng output sa mga darating na 12 buwan. Ang kumpiyansa kaugnay ng pagtaas sa produksyon ay dulot ng mga inaasahan sa mas matataas na bagong benta sa paparating na taon. Dahil dito, sa kabila ng pagtaas sa limang-buwang mataas, ang antas ng positibong pananaw ay mas mahina kumapra sa trend sa serye.



Mga Pinagmulan: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan


Maryam Baluch
Ekonomista
S&P Global Market Intelligence
T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
Corporate Communications
IHS Markit
T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com


Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring magemail sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

**Pamamaraan**

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

**Tungkol sa S&P Global (NYSE: SPG)**

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon. www.spglobal.com.

**PMI**

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya.
ihsmarkit.com/products/pmi.html


**Disclaimer**

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot na nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagigig available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.




© 2023 S&P Global